
LEVEL 3

# Leveled Reader

## in Filipino

# Ang Hindi Inaasahang Kaibigan



Isinulat ni Raya Rashna Rahman

Iginuhit ni Insha Sakhawat Russell



Kagagaling lamang ni Faisal sa moske para sa kanilang panalangin sa hapong iyon. Naghihintay siya sa kaniyang kaibigang si Rahim. Bigla siyang may narinig na mahinang ingay sa may halaman.



Yumuko siya at hinawi ang mga dahon. Isang maliit na ibon ang nakahiga sa lupa. Parang nabali ang pakpak nito.

Dahan-dahan itong kinuha ni Faisal. “Nasaktan ka ba?” tanong niya.


“*Tsip!*” ang huni ng ibon.



“Kailangan nito ng tulong,” sabi niya kay Rahim. Plano nilang pumunta sa kagubatan upang kumuha ng panggatong pagkatapos ng pagdarasal. Ngunit ayaw iwanan ni Faisal ang nasugatang ibon.



Hiniling niya kay Rahim na hintayin siya. “Dadalhin ko ito sa aking mga kapatid na babae,” paliwanag niya. “Iingatan nila ito.”



Naninirahan sina Faisal at Rahim sa isang kampo sa Bangladesh. Kasama nila ang iba pang lumikas na katutubong Rohingya. Napilitan silang lisanin ang kanilang mga tahanan sa Myanmar dahil hindi na ligtas doon.



Ilang milya ang nilakad ni Faisal kasama ang kaniyang ina at mga kapatid, sina Rehana at Aziza, upang makahanap ng matitirahan. Dumating sila sa kampong ito at nanatili mula noon.



Bumalik sa kampo si Faisal
na dala ang ibon. Nadaanan
niya ang pila ng mga tao na
naghihintay na makatanggap ng
supot ng bigas at mantika.
Napadaan din siya sa abalang
klinika na marami pang nakapila
para magpagamot.
Walang doktor na magkakaroon
ng oras upang gamutin ang
ibon doon!



Narating niya ang *learning center*. Dito gumuguhit ng larawan at naglalaro ng *board game* ang kaniyang mga kapatid at iba pang bata.

"Aziza! Rehana!" tinawag niya sila. "Kailangan ko ang tulong ninyo!"

Napabuntong-hininga ang mga batang babae nang makita ang nasa loob ng kahon.




"Narinig ko itong humuhuni malapit sa moske," sabi ni Faisal. "Kawawa naman siya, nasaktan at hindi makalilipad."



Nangako ang kaniyang mga kapatid na aalagaan ito. “Babalik ako kaagad na may dalang panggatong!” sabi sa kanila ni Faisal.

Maaaring nakatatakot ang kagubatan dahil maraming ligaw na hayop dito. Mula sa kampo, kailangang magpunta ng mga tao roon upang mangahoy.



Namulot ang mga batang lalaki ng maliliit na sanga hanggang mapuno ang kanilang mga braso.
Naisip ni Faisal ang tungkol sa ibon.
Makalilipad pa kaya ito?
Pabalik na sana sila nang biglang... may narinig silang kumakaluskos.




Napakalaki nito! Hindi nila tinangkang lumapit pa.
Ang makasalubong ang isang elepante ay lubhang mapanganib.
Kamakailan lang, may nakapasok na elepante sa kampo, at ang lahat ay natakot.




Ngunit alam ni Faisal na hindi iyon kasalanan ng elepante. Kung tutuusin, lumiliit na ang kagubatan. Parami nang parami ang pinuputol na mga puno para maging kampo ng mga lumikas na mamamayan. Nalungkot siya dahil nawawalan ng tirahan ang elepante. "*Shhh*," bulong ni Rahim. "Umalis tayo nang tahimik."



Nawala sa isip nila ang daan pabalik. Natisod si Faisal sa isang malaking bato at nahulog. “Aray! Ang braso ko!” umiyak siya. Sinubukan niyang kunin ang nakakalat na mga sanga ngunit hindi niya magawa. Sobrang sakit. “Paano magluluto si Nanay nang walang panggatong?”



Ipinatong ni Rahim ang isang kamay sa kaniyang balikat. “Bibigyan na lamang kita,” sabi nito.



Nang makarating sila sa kampo, natuwa si Faisal nang makita niyang may benda na ang pakpak ng ibon.

"Ano ang nangyari?"
nag-aalalang tanong ng nanay ni Faisal nang makita ang anak.

"Nahulog ako, Nanay," sagot niya.
"Napakasakit ng aking braso!"



Dinala siya nito sa loob ng *tent*.
Tinalian ang kaniyang braso
upang malagyan ito ng suporta.
“Pumunta tayo sa klinika
upang matiyak na walang bali,”
malumanay na sabi niya.



Sa mga sumunod na linggo, bumuti ang pakiramdam ni Faisal. Ang pakpak ng ibon ay gumaling din. Ginugol nila ang bawat minuto na magkasama. Isang araw, ibinuka ng ibon ang kaniyang mga pakpak upang ipakita na handa na itong lumipad.



Hindi siya makatulog nang gabing iyon. Ayaw niyang malayo sa kaniya ang ibon.
Naalala niya ang hagikgik ng kaniyang mga kapatid, ang magiliw na kamay ni Rahim sa kaniyang balikat, at malambing na boses ng kaniyang ina.
Ang lahat ng iyon ang kaniyang pinanghahawakan.



"Oras na," sabi niya sa mga kapatid niya kinaumagahan.



Pinakamalakas na umiyak si Aziza. Niyakap siya ni Rehana. "Kailangan din ng ibon ang pamilya nito, tulad natin." paliwanag ni Faisal sa kanila.



Naglakad sila patungo sa lugar na malapit sa moske, kung saan niya natagpuan ang ibon. Sama-sama nilang pinakawalan ang ibon. Habang lumilipad ang ibon, narinig nila ang hudyat para manalangin.





“Humayo kang mapayapa, munting kaibigan,” bulong ni Faisal. Hinding-hindi kita malilimutan.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation